# Gabay sa Pagpaplano ng Sekundaryang Transisyon para sa mga Indibidwal na may Kapansanan

Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland

Dibisyon ng Maagang Interbensyon/Mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon




**Ang proseso ng transisyon ay nakaangkla sa mga kasanayan na nakabatay sa katibayan na nagsisilbing** tagahula sa tagumpay ng isang indibidwal pagkatapos nito sa pag-aaral.

MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION

EQUITY AND EXCELLENCE

© 2019 Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland

Nilikha sa ilalim ng patnubay ni Marcella E. Franczkowski, Assistant State Superintendent, Dibisyon ng Maagang Interbensyon/Mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon. Pakiusap isama ang sanggunian sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon sa anumang pagreplika ng impormasyong ito. Para humiling ng pahintulot para sa anumang paggamit na hindi "patas na paggamit" dahil ang terminong iyon ay isang maliwanag na batas ng copyright, makipag-ugnay sa: Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon, 200 West Baltimore Street, Baltimore, Maryland 21201, 410 -767-0249 voice.

Hindi nagtatanggi ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, relihiyon, may kapansanan, o oryentasyong sekswal sa mga bagay na nakakaapekto sa trabaho o sa pagbibigay ng access sa mga programa at aktibidad at nagbibigay ng pantay na pag-access sa mga Boy Scout at iba pang itinalagang mga pangkat ng kabataan. Para sa mga katanungan na nauugnay sa patakaran ng Kagawaran, mangyaring makipag-ugnay sa Opisyal ng Ahensya ng Katarungan, Opisina ng Pagsunod at Seguridad ng Katarungan, Opisina ng Deputy State Superintendent para sa Pananalapi at Pangangasiwa, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, 200 West Baltimore Street, Baltimore, Maryland 21201-2595, 410 -767-0433 boses, 410-767-0431 fax, 410-333-6442 TTY / TDD.

Karen B. Salmon, Ph.D.
State Superintendent ng mga paaralan

Brigadier General Warner I. Sumpter, USA, Ret.
Pangulo, Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Maryland

Larry Hogan
Gobernador

Carol A. Williamson, Ed.D.
Deputy State Superintendent para sa Pagtuturo at Pag-aaral

Marcella E. Franczkowski, M.S.
Assistant State Superintendent
Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

200 West Baltimore Street
Baltimore, Maryland 21201
MarylandPublicSchools.org

# Paano Gamitin ang Gabay na Ito

Magbibigay ng impormasyon ang Patnubay sa Pagpaplano ng ***Sekundaryang Transisyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland para sa mga Indibidwal na may Kapansanan*** sa mga mag-aaral, magulang/tagapag-alaga, tagapagturo, at mga ahensya ng komunidad tungkol sa proseso ng transisyon. Bagaman ang bawat mag-aaral ay magkakaroon ng indibidwal na mga tansisyong layunin at kalalabasan nito, ang patnubay na ito ay nagbibigay ng "paunang" impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng proseso ng transisyon sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) pati na rin ang mga inirekumendang estratehiya at mga resources upang makakuha ng positibong resulta.

Ang gabay na ito ay magbibigay ng mga detalye tungkol sa mga sumusunod na mga paksa:

- Pagpaplano ng Transisyon (na hahantong sa pagkuha ng trabaho at resulta pagkatapos ng sekundaryang edukasyon, batay sa IDEA)
- Mga Tungkulin at Pakikilahok ng mga Kasosyo
- Mga Kinakailangan para sa Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland at sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa pagtapos ng programa
- Buod ng Performance ng Maryland (dating Maryland Exit Document)
- Entitlement laban sa Karapat-dapat
- Edad ng Nakakarami
- Mga Ahensya ng Maryland para sa Pagserbisyo ng mga Matatanda
    1. Division of Rehabilitation Services (DORS)
    2. Developmental Disabilities Administration (DDA)
    3. Behavioral Health Administration (BHA)
    4. Department of Labor, Licensing and Regulation – Division of Workforce Development and Adult Learning (DLLR)
- Mga Benepisyo
- Edukasyon Pagkatapos ng Sekundarya/Mga Serbisyo sa Pagsuporta ng mga may Kapansanan
- Transportasyon/Pagsasanay sa Paglalakbay
- Pangangalaga sa kalusugan
- Pag-access sa Komunidad
    1. Libangan/Oras sa Sarili
    2. Pagiging Tagapag-alaga
    3. Panlipunan na Seguridad
    4. Pagpaplano sa Pananalapi/Mga Espesyal na Pangangailangan sa Trusts/Pagpaplano ng Estate
- Proseso ng Transisyon: Pag-uugnay ng mga Ahensya

Apendiks A: (Mga) Inirekumendang Timeline

Apendiks B: Edukasyon Pagkatapos ng Sekundarya/Mga FAQ tungkol sa mga Serbisyo ng Pagsuporta sa mga may Kapansanan

Appendix C: Mga Tiyak na Populasyon / Resources

Apendiks D: Kadalasang Ginagamit na mga Acronym at Glossary

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

# Ano ang Pagpaplano sa Transisyon?

Nakapokus ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dib isyon ng Maagang Interbensyon/Mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon ***Gabay sa Pagpaplano ng Sekundaryang Transisyon para sa mga Indibidwal na may Kapansanan*****n** sa mga galaw ng mga taong may kapansanan mula paaralan hanggang sa kinalabasan ng pagkatapos ng sekundarya. Isang malaking bahagi ng pagpaplano sa sekundaryang transisyon ay ang mga aktibidad at serbisyo ng pagkasunod-sunod na transisyon ay nakasentro sa tao at pinapaandar ang Individual Education Program (IEP). Ang maagang pagpaplano ay mahalaga upang matagumpay na makatapos ng sekundarya ang mga mag-aaral na handa na para sa kolehiyo, career, at komunidad. Sa Maryland, ang pagpaplano sa transisyon at ang paghahatid ng mga serbisyo ng transisyon ay nagsisimula sa taon ng IEP kung saan ang mag-aaral ay nasa 14 taong gulang.

Ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) ay nagsasaad na ang layunin ng batas ay “tiyakin na na ang lahat ng mga batang may kapansanan ay magkakaroon sila nang libreng angkop na pampublikong edukasyon na binibigyang-diin ang espesyal na edukasyon at may kaugnayang mga serbisyo na dinisenyo upang matugunan ang kani-kanilang natatanging pangangailangan at ihanda sila para sa pagtatrabaho at pamumuhay mag-isa.” Idinidiin ng batas ang pangangailangan ng guro, magulang, at mga ahensya ng komunidad na magtulungan upang masuportahan ang mag-aaral habang nagtatrabaho ito patungo sa layunin at kinalabasan pagkatapos ng sekundarya. Ang mga serbisyo ng transisyon ay kinakailangang ibigay upang matulungan ang mag-aaral na makuha ang kahusayan na kailangan upang maabot ang kanyang layunin pagkatapoos ng sekundarya.

Tinukoy ng IDEA 2004 ang mga serbisyo ng transisyon bilang isang koordinadong pangkat ng mga aktibidad para sa mga mag-aaral na may kapansanan na:

- idinisenyo upang maging nasa proseso ng nakatuon sa resulta, nakatuon sa pagpapabuti ng pang-akademiko at functional achievement ng isang taong may kapansanan upang matulungan ang kanilang mobilidad mula sa paaralan hanggang sa mga aktibidad pagkatapos ng sekundarya, kasama na ang edukasyon pagkatapos ng sekundarya; bokasyunal na edukasyon; integradong trabaho; pagpapatuloy at nasa gulang na edukasyon; mga serbisyo para sa mga nakakatanda; pamumuhay ng mag-isa o pakikilahok sa komunidad;
- base sa indibidwal na pangangailangan, isinasaalang-alang ang kanilang lakas, kagustuhan, at interes; at;
- idinisenyo na isali ang instruksiyon, mga kaugnay na serbisyo, mga karanasan sa komunidad, ang paglinang ng trabaho at iba pang layunin sa pamumuhay ng nasa gulang pagkatapos ng pag-aaral at kung angkop, pagkamit sa kahusayan sa pang araw-araw na pamumuhay at functional na bokasyunal na pagsusuri.

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

# Pagpaplano ng Transisyon

Ang pagpaplano ng transisyon ay naglalayon upang masuportahan ang mga mag-aaral na may kapansanan sa kanilang progreso sa paaralan at ihanda sila para sa buhay nang nasa hustong gulang. Kasama nito ang pagpaplano para sa kolehiyo, trabaho, transportasyon, kaayusan sa pamumuhay, pangangalaga sa kalusugan, at pang araw-araw na pamumuhay. Ang mga aktibidad ng nasa hustong gulang ay maaaring kumbinasyon ng alinman sa mga sumusunod:

- Sariling Determinasyon at Adbokasiya
- Pakikilahok sa Komunidad
- Edukasyon pagkatapos ng sekundarya
- Pagsasanay sa trabaho
- Kompetibong trabaho
- Pamumuhay mag-isa
- Pag-uugnay ng mga serbisyo para sa mga nakakatanda

Ang Pagpaplano sa Transisyon para sa hinanaharap ng isang mag-aaral ay nagsisimula nang kasing aga ng elementarya na may kamalayan sa career at aktibidad sa pagsisiyasat. Ang pormal na pagpaplano sa transisyon ay nagsisimula sa pamamagitan ng proseso ng IEP sa taon kung kailan ang mag-aaral ay nasa 14 na taong gulang na at pinapaandar ang paglilinang ng IEP. Ang mga mag-aaral na may suporta mula sa kanilang mga magulang at mga guro, ay natutukoy ang layunin pagkatapos ng sekundarya sa bahagi ng trabaho, edukasyon pagkatapos ng sekundarya o pagsasanay sa trabaho; at kung angkop, pamumuhay ng mag-isa. Itong mga layunin pagkatapos ng sekundarya ay binabase sa mga resulta sa mga pagtatasa sa transisyon nang nasa wastong gulang.

## *Bakit kailangan ang plano ng transisyon?*

Ang plano ng transisyon ay idinisenyo upang matiyak na ang mag-aaral ay mabibigyan ng kinakailangang kahusayan at mga serbisyo para makagawa ng isang mahusay na transisyon mula sa paaralan hanggang sa pamumuhay sa hustong gulang. Para sa mga mag-aaral na may IEP, ang sistema ng pampublikong paaralan at hindi pampublikong paaralan ay nagbibigay ng suportang pang-eduakasyon na maaaring kasama ang teknolohiyang pantulong, pagsasanay sa trabaho, personal na tulong, at iba pang suporta na itinuturing na angkop ng grupo ng IEP. Kapag ang mag-aaral ay nakatapos na sa hayskul, ang mga suportang ito ay **hindi** awtomatikong ibibigay, kahit na mayroon ito sa loob ng taon ng pag-aaral. (Mangyaring tingnan sa seksyon ng Kwalipikasyon at Karapatan)

## *Ano ang kasama ng pagpaplano sa transisyon?*

Nangyayari ang proseso ng pagpaplano sa transisyon kapag ang mag-aaral na may IEP ay natukoy na niya kung ano ang kaniyang gagawin pagkatapos ng pag-aaral at isasaalang-alang ang mga kahusayan, pagsasanay, eduksayon, at/o mga kinakailangang resources upang makamit ang mga layuning ito. Kasama rin dito ang:

- Pagtukoy at pag-aplay sa mga angkop na ahensya ng serbisyo para sa mga nakakatanda.
- Pagkalap sa mga dokumentong kailangan para sa mga kolehiyo, employer, o tagabigay ng serbisyo sa hinaharap.
- Pagtukoy sa mga aktibidad ng pagsasanay sa transisyon at suporta na kailangan upang
- makaya ng mag-aaral na makamit ang mga layuning ito.

## *Kailan magsisimula ang pagpaplano sa transisyon?*

Nagsisimula ang pagpaplano sa transisyon sa taon kung kailan nasa 14 taong gulang na ang mag-aaral, kung hindi mas maaga pa. Sa panahong ito, isang pormal na Plano ng Transisyon na kasama ang mga layunin ng mag-aaral pagkatapos ng sekundarya at kinakailangang malinang ang mga serbisyong transisyon at isama sa IEP. Ito ay

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

maaaring parang napakaaga, ngunit kinakailangan ang maingat na pagpaplano kung ang mga mag-aaral ay kukuha ng mga kahusayan at karanasan na kinakailangan upang matulungan silang makuha ang kanilang mga layunin pagkatapos ng sekundarya. Ang pagsisimula ng pagpaplano sa transisyon sa gulang na 14 ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng oras upang masiyasat ang kanilang mga pagpipiliang layunin pagkatapos ng sekundarya at baguhin ito base sa karanasan sa transisyon o mga nakuhang kaalaman. Magbibigay rin ito ng oras upang mag-aplay para sa mga serbisyo pagkatapos ng sekundarya at mga suporta gaya ng: pang-akademikong suporta sa kolehiyo, pagsasanay para sa trabaho, tulong sa personal na pangangalaga, tulong pinansiyal para sa pabahay, o iba pang mga serbisyo para sa nakakatanda.

## Tungkulin at Pakikibahagi ng mga kasosyo

Kasing importante ito ng pagtutukoy sa mga layunin pagkatapos sekundarya ay ang mga iba't-ibang stakeholders na maaaring susuporta sa proseso ng transisyon at tutulong sa mga mag-aaral sa pagkamit ng mga natukoy na layunin. Ang mga stakeholder ay nasa talaan ng pagpaplano sa transisyon na may iba-ibang mga tungkulin at responsiblidad. Maaari itong magkakaiba sa mga sistema ng ibang lokal na paaralan.

| Kasamahan | Tungkulin/Responsiblidad |
|---|---|
| Mag-aaral | ○ Makilahok sa pagpaplano sa transisyon<br>○ Tukuyin ang mga kalakasan at hamon<br>○ Ipahayag ang interes at kagustuhan<br>○ Tukuyin ang layunin pagkatapos ng sekundarya<br>○ Makilahok sa mga aktibidad ng transisyon na tinukoy ng IEP |
| Magulang/Tagapag-alaga | ○ Makilahok sa mga pagpupulong ng pagpaplano sa IEP at grupo ng transisyon<br>○ Ibahagi ang kalakasan , interes, at kinakailangang suporta ng mag-aaral sa grupo ng IEP<br>○ Tutulong sa mga mag-aaral na makipag-ugnay sa ibang mga kasamahan sa transisyon<br>○ Tagapagtaguyod sa layunin ng mga mag-aaral<br>○ Magbabahagi ng mga kontak at network para sa potensyal na oportunidad sa trabaho<br>○ Magbibigay ng puna sa mga kasamahan ng transisyon<br>○ Susuriin ang timeline ng transisyon at hihiling ng suporta kung kinakailangan |
| Sistema ng Paaralan | ○ Sisiguruhin ang pahintulot ng magulang/tagapag-alaga na makipag-ugnay sa estado at mga ahensya sa komunidad<br>○ Imbitahin ang mga kasamahan sa pagpupulong ng grupo ng IEP kung ang transisyon ay itatalakay<br>○ Tutulungan ang magulang/tagapag-alaga sa pag-aplay para sa mga serbisyo pagkatapos ng sekundarya mula sa mga ahensya ng estado gaya ng Division of Rehabilitation Services (DORS), Developmental Disabilities Administration (DDA), at Behavioral Health Administration (BHA)<br>○ Magbibigay ng instruksyon at karanasan sa trabaho sa tunay na kapaligiran ng trabaho kung ito ay isinasaad sa IEP ng mag-aaral<br>○ Makipagtulungan sa DORS upang matiyak ang karapat-dapat na mga mag-aaral at may potensyal na karapat-dapat na mga mag-aaral ay matukoy at makakatanggap ng Pre-Employment Transition Services (Pre-ETS)<br>○ Magbibigay ng impormasyon sa pagpupulong para sa mga magulang tungkol sa aspeto ng pagpaplano ng transisyon at ang proseso/timeline ng aplikasyon para sa mga ahensiya ng estado na maaaring magbigay ng mga serbisyo sa mga |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

| | |
|---|---|
| | mag-aaral sa pagkatapos nito sa sistemang paaralan<br>○ Dokumento at ulat ng progreso at kalagayan ng mag-aaral pagkatapos ng pagalis |
| Maryland Division of Rehabilitation Services (DORS) | ○ Makilahok sa mga pagpupulong sa pagpaplano ng transisyon/dadalo sa mga pagpupulong ng IEP kung posible<br>○ Magsimulang magtrabaho kasama ang karapt-dapat na mga mag-aaral bago ang kanilang huling taon sa hayskul upang malinang ang kanilang Individualized Plan for Employment (IPE)<br>○ Tutukuyin ang mga kinakailangang mga serbisyo para sa matagumpay na transisyon sa edukasyon pagkatapos ng sekundarya at/o trabaho<br>○ Makikipagsundo sa Community Rehabilitation Providers (CRPs) upang masuportahan ang mga mag-aaral sa pag-unlad sa trabaho at mga serbisyo<br>○ Magbibigay ng Pre-Employment Training Services (Pre-ETS) sa mga karapat-dapat na mag-aaral sa sekundarya na may edad 14-22 gulang sa mga bahagi ng Pagpapayo para sa Pagsasaliksik ng Trabaho, mga Kaalaman na nakuha mula sa karanasan sa Trabaho, Instruksyon sa Pansariling Adbokasiya, Pagpapayo para sa Oportunidad sa Edukasyon Pagkatapos ng Sekundarya, at Pagsasanay sa Pagiging Handa sa Trabaho |
| Maryland Developmental Disabilities Administration (DDA) | ○ Makilahok sa pagpaplano ng transisyon<br>○ Makipagtulungan sa iba pang mga kasosyo sa transisyon upang matiyak na ang mga mag-aaral ay may naaangkop na dokumentasyon upang maging kwalipikado at maka-access sa mga serbisyo<br>○ Magbigay ng pangmatagalang pagpopondo para sa mga karapat-dapat na indibidwal pagkatapos nito sa pag-aaral<br>○ Makipagsundo sa isang Coordinator of Community Services (CCS) upang tumulong sa transisyon mula sa paaralan patungo sa buhay ng mga may sapat na gulang |
| Adult Service Providers, Community Rehabilitation Providers (CRPs) | ○ Makilahok sa pagpaplano ng transisyon<br>○ Pumasok sa mga nakakontratang kasunduan sa mga sistema ng paaralan at DORS upang mapadali ang mga karanasan na nababatay sa trabaho at makapagbigay ng kaunlaran at pagtuturo sa trabaho bago at pagkatapos ng pag-aaral<br>○ Magbigay ng mga serbisyo at suporta para sa mga kliyente ng DORS at DDA upang magbigay ng kaunlaran at pagtuturo sa trabaho sa paglabas nito sa hayskul |
| Mga Programa ng Pagsasanay sa Kolehiyo, at Edukasyon Pagkatapos ng Sekundarya | ○ Makipag-ugnay sa mag-aaral upang matukoy ang mga akomodasyon at mga kinakailangang suporta sa pakikipagtulungan sa Disability Support Services sa campus ng kolehiyo<br>○ Magbigay ng access at suporta para sa pakikilahok sa mga aktibidad sa campus, kurso, at trabaho |

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

# Mga Kinakailangan para sa Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland at sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa pagtapos ng programa

## *Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland (Tingnan ang COMAR 13A.03.02.09)*

- Ang isang Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland ay igagawad sa isang mag-aaral na:

  a. Nakumpleto ang mga kinakailangan sa pagpapatala, kredito, at serbisyo.
  b. Ang mga lokal na sistema ng paaralan ay maaaring magtaguyod ng karagdagang mga kinakailangan sa kredito o magdagdag ng mga pag-endorso sa diploma bilang insentibo para sa mga mag-aaral na matugunan ang mga lokal na itinakdang kinakailangan na lampas sa mga minimum na tinukoy ng Estado.

- Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: http://www.marylandpublicschools.org/programs/Documents/Testing/GraduationsRequirements2018.pdf

## *Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa (Tingnan ang COMAR 13A.03.02.09E)*

- Ang Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa ay igagawad lamang sa mga mag-aaral na may mga kapansanan na hindi maaaring matugunan ang mga kinakailangan para sa isang diploma ngunit nakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

  a. Ang mag-aaral ay naka-enrol sa isang programa ng edukasyon nang hindi bababa sa 4 na taon na lampas sa baitang 8 o katumbas ng edad nito, at natutukoy ng isang grupo ng IEP, na may kasunduan ng mga magulang ng mag-aaral na may kapansanan, upang makabuo ng isang naaangkop na mga kasanayan para sa indibidwal na makapasok sa mundo ng trabaho, kumilos nang responsable bilang isang mamamayan, at lasapin ang sa isang kasiya-siyang buhay, kasama dito ang mga sumusunod ngunit hindi limitado sa:
     - Nakakuha ng trabaho;
     - Edukasyon pagkatapos ng sekundarya at pagsasanay;
     - Suportadong trabaho; at
     - Iba pang mga serbisyo na kasama sa komunidad; o

  b. Naka-enrol ang mag-aaral sa isang programa ng edukasyon sa loob ng 4 na taon na lampas sa baitang 8 o katumbas ng edad nito, hanggang sa edad na 21 bago ang unang araw ng susunod na taon ng pag-aaral.

- Ang Maryland Summary of Performance na naglalarawan sa mga kasanayan ng mag-aaral ay dapat na samahan ng Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa.

- Ang pangwakas na desisyon na igagawad sa isang mag-aaral na may mga kapansanan ay ang isang Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa ay hindi magagawa hanggang matapos ang simula ng huling taon ng mag-aaral sa mataas na paaralan.

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

- Ang isang mag-aaral na may makabuluhang kapansanan sa pag-iisip ay maaaring hindi makamit ang mga kinakailangan sa pagtatapos ng hayskul kung ang isang mag-aaral ay:

    a. Nakikilahok sa isang Alternative Assessment based on Alternative Academic Achievement Standards (AA-AAAS); at
    b. Patuloy na tumatanggap ng instruksyon batay sa Alternative Academic Achievement Standards sa pamamagitan ng mataas na paaralan.

- Kung ang isang mag-aaral ay lumahok sa isang seremonya ng pagtatapos bago matapos ang programa ng edukasyon ng mag-aaral, sa seremonya ang sistema ng paaralan ay dapat na magbigay sa mag-aaral ng isang Sertipiko ng Nakamit o iba pang katulad na mga sertipiko kapalit ng isang diploma. (COMAR 13A.03.02.09E(3)

## *Maryland Summary of Performance (MSOP)*

Nagbibigay ang Maryland sa mga mag-aaral na may IEP ng isang Maryland Summary of Performance (MSOP) bago sila lumipat mula sa paaralan hanggang sa pagkatapos sa paaralan na mga aktibidad. Ang MSOP ay kinakailangan sa ilalim ng muling pagbibigay pahintulot ng Batas na Edukasyon para sa mga Indibidwal na may Kapansanan noong 2004. Sa Maryland, ang dokumentong ito ay ibinibigay sa lahat ng mga mag-aaral na may IEP bago sila lumabas na may Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland o Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa (Tingnan ang COMAR 13A.03.02.09E (2)).

## *Bakit mahalaga ang Maryland Summary of Performance (MSOP)?*

Ang Maryland Summary of Performance ay nagbibigay sa papatapos na na mga mag-aaral na may mahalagang impormasyon ng IEP na maaari nilang magamit sa transisyon nila mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad pagkatapos ng sekundarya. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring may kasamang trabaho, edukasyon pagkatapos ng sekundarya, suportadong trabaho, o pamumuhay ng mag-isa na ibinibigay ng mga tagapagbigay ng rehabilitasyon sa komunidad. Gagana ang MSOP bilang bahagi ng IEP ng mag-aaral, at ang impormasyong nakalap ay batay sa input mula sa mag-aaral, pamilya, at grupo ng IEP.

Ang MSOP ay maaaring magbigay ng mga potensyal na employer, mga institusyon ng edukasyon pagkatapos ng sekundarya, at makahulugang impormasyon ng tagapagbigay ng serbisyo sa mga nakakatanda tungkol sa mga kasanayan, kalakasan, at anumang mga suporta ng kabataan na maaaring kailanganin niya upang maging matagumpay. Ito ang apat na mga bahagi ng Maryland Summary of Performance. Ang bawat bahagi ay nakalista sa ibaba.

Bahagi 1- Background na impormasyon
Bahagi 2- Mga Layunin ng Mag-aaral Pagkatapos ng Sekundarya
Bahagi 3- Buod ng Performance (Akademiko, Kognitibo, at Functional na antas)
Bahagi 4- Mga rekomendasyon ng Pagpupulong tungkol sa mga Layunin Pagkatapos ng Sekundarya

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

# Karapatan laban sa Pagiging Karapat-dapat

Ang pag-unawa sa pagkakaiba sa pagitan ng karapatan sa pampublikong edukasyon at ang pagiging karapat-dapat ng mga serbisyong para sa nakakatanda ay maaaring maging lubhang nakalilito. Sa Maryland, ang isang batang may sapat na gulang na may kapansanan na tumatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa edukasyon ay may KARAPATAN sa isang libre, naaangkop, pampublikong edukasyon sa buong taon ng pag-aaral kung saan sila ay nagiging 21 taong gulang na o natugunan ang mga kinakailangan para sa isang Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland o Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa. Ang mga serbisyong ito ay naitala sa loob ng Individualized Education Program (IEP) ng mag-aaral na natukoy ng grupo ng IEP at pinopondohan ng lokal na sistema ng paaralan. Ang isang mag-aaral na lalabas sa sistema ng paaralan na may isang Diploma ng Mataas na Paaralan ng Maryland o Sertipiko ng Mataas na Paaralan ng Maryland para sa Pagtapos ng Programa ay hindi na karapat-dapat sa mga serbisyo. Sa puntong ito ang mga indibidwal ay dapat na mag-aplay para sa mga serbisyong pang-matanda upang makita na kung sila ay KWALIPIKADO na makatanggap ng mga serbisyong ito. Bilang karagdagan sa pagtugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat, mayroon dapat na pondo upang makatanggap ng mga serbisyo at mga suporta mula sa mga ahensya ng serbisyo para sa mga nakakatanda (hal. DORS, DDA, at BHA). Tingnan ang tsart sa ibaba.

| Mga Karapatan<br><br>Habang naka-enrol sa Paaralan | Pagiging Karapat-dapat (ADA at Seksyon 504)<br><br>Matapos makapagtapos mula sa paaralan o sa edad na 21 |
|---|---|
| Ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) ay batas na sinisuguro ang “karapatan” ng bawat studyante na may kapansanan para sa libre, naaangkop na primarya at sekundaryong edukasyon. | Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay tungkol sa pagtamo. Ang layunin ng Seksyon 504 at ng ADA ay alisin ang mga hadlang upang masiguro ang maayos na akomodasyon. Ang indibidwal na may kapansanan ang nagiging pangunahing punto ng pakikipag-ugnayan, hindi ang magulang o pamilya nito. |
| • Free, appropriate public education (FAPE)<br>• Least Restrictive Environment (LRE)<br>• Specially Designed Instruction (SDI)<br>• Mga Kaugnay na Serbisyo<br>• Preperasyon para sa karagdagang edukasyon, trabaho, at malayang pamumuhay<br>• May karapatan sa mga serbisyo na makakatulong sa mag-aaral na makamit ang tagumpay sa paaralan<br>• Ang mga serbisyo ay maaaring makuha mula sa sistema ng paaralan | • Ang pagiging karapat-dapat para sa pagtatapos ng sekundaryang serbisyo ay walang garantiya<br>• Ang bawat indibidwal ay kinakailangan na maging karapat-dapat para sa serbisyo<br>• Ang serbisyo ay nakadepende sa pagpopondo at pagkaroon nito<br>• Ang mga serbisyo pagkatapos ng sekundarya ay tinitiyak lamang ang mga indibdwal na bigyan ng pantay na pag-access<br>• Ang responsibilidad upang matamo ang mga serbisyo ay nakaatang sa indibidwal/ magulang/ tagapag-alaga<br>• Maaring ibigay ang serbisyo kung mayroong sapat na tauhan, kakayahan sa pasilidad, at/o pondo para igawad ang serbisyo<br>• Kinakailangan ang sariling paninindigan upang makakuha ng akomodasyon |

## *Edad ng Nakakarami*

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

Ang Edad ng Nakararami ay ang tinutukoy na legal na edad kung saan ang isang tao ay itinuturing na isang nasa hustong gulang, na may karapatan at responsibilidad ng pagiging may sapat na gulang. Kapag ginamit ang terminong *Edad ng Nakakarami* tumutukoy ito sa kung saan ang kabataan ay umabot sa edad kung saan siya ay tinuturing na nasa hustong gulang. Sa Maryland, ang edad na iyon ay 18. Hindi bababa sa isang taon bago maabot ang edad na 18, dapat na mabigyang kaalaman na ang isang indibidwal sa kanyang mga karapatan sa ilalim ng IDEA. Sa Maryland, ang paggawa ng desisyon sa edukasyon ay hindi awtomatikong ililipat sa isang mag-aaral na may kapansanan sa edad ng nakakarami maliban sa mga limitadong kondisyon. (Tignan ang Artikulo sa Edukasyon §8-412.1, Annotated na code ng Maryland)

### *Mga Ahensya ng Serbisyo para sa mga Nakakatanda ng Estado ng Maryland*

Inilalarawan ng mga sumusunod na seksyon ang apat na mga ahensya ng estado na maaaring magbigay ng mga serbisyo o suporta para sa mga karapat-dapat na indibidwal. Ang mga indibidwal ay dapat na matugunan ang mga tiyak na pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa bawat ahensya. Isang maikling buod ng apat na ahensya ng estado at ang kanilang pamantayan sa pagiging karapat-dapat ang ibinahagi sa ibaba.

## Maryland State Adult Services Agencies: DORS

<table>
<tr><th>PANGALAN NG AHENSYA & DESKRIPSYON</th><th>IMPORMASYON NG AHENSYA</th></tr>
<tr><td>Division of Rehabilitation Services (DORS)</td><td>http://www.dors.maryland.gov/</td></tr>
<tr><td>Ano ang ginagawa ng ahensyang ito? Ang Maryland Division of Rehabilitation Services (DORS) ay tungkol sa pagtatrabaho. Kung nais mong magtrabaho, nais kang tulungan ng DORS! Tinutulungan ng DORS ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan, kolehiyo, at mga mag-aaral sa iba pang mga aprubadong programa na inihanda para sa trabaho. Tinutulungan din ng DORS ang mga taong may kapansanan na makahanap ng trabaho. Kung nais mong magtrabaho at mayroong kang kapansanan na siyang nagpapahirap sa iyo na makahanap o mapanatili ang isang trabaho, maaaring makatulong sayo ang DORS.<br><br>Nag aalok ang DORS ng dalawang partikular na programa upang matulungan ang mga kabataan na may dokumentadong mga kapansanan na maihanda para sa pagtatrabaho:<ul><li>Mga serbisyo sa transisyon ng paunang trabaho para sa mga mag-aaral na hindi bababa sa 14 taong gulang, o kasalukuyang nasa mataas na paaralan, at di lalagpas sa edad na 21. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring bisitahin ang: http://dors.maryland.gov/Brochures/Pre-ETS_Fact_Sheet.pdf.</li><li>Serbisyo para sa Bokasyunal na Rehibilitasyon para sa mga mag-aaral ng mataas na paaralan na huminto pagkatapos ng huling taon at ang mga kabataan na hindi nakapag-aral ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga karagdagang serbisyo sa Pang-bokasyunal na Rehabilitasyon na higit pa sa mga serbisyo para sa Transisyon ng Paunang trabaho. Dapat na mag-aplay at makita na karapat-dapat para sa mga serbisyo sa Bokasyunal na Rehabilitasyon. Maaaring may listahan ng paghihintay para sa mga serbisyong ito.</li></ul></td><td>Sino ang maaaring makatanggap ng serbisyo? Upang maging karapat-dapat para sa serbisyo ng DORS, kinakailangan ay mayroon kang pisikal o mintal na kapansanan na siyang lubos na nakakaapekto sa iyong kakayahan upang magtrabaho, at kinakailangan mo rin ang Serbisyo ng Rehabilitasyon sa Pagtatrabaho. Kung nakatanggap ka ng Supplemental Security Income (SSI) at/o Social Disability Insurance (SSDI), ikaw ay ikinokonsiderang karapat-dapat para sa serbisyo ng DORS para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat sa DORS at pagkakasunod ng pagpili mangyaring bisitahin ang:<br><br>https://dors.maryland.gov/consumers/Pages/eligibility.aspx<br><br>Paano simulan ang mga serbisyo: Ikaw o kung sinumang nakalista sa ibaba ay maaaring tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng DORS</td></tr>
</table>

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

| | |
|---|---|
| Ang DORS ay mayroong mga transisyong tagapayo na nakatalaga sa bawat pampublikong mataas na paaralan sa Maryland at partikular na nagtatrabaho sa mga mag-aaral na may kapansanan upang ihanda sila sa pagtatrabaho. Ang mga transisyong tagapayo ng DORS ay nakikipagtulungan sa mga karapat-dapat na mag-aaral sa kanilang huling dalawang taon sa pag-aaral upang parehong makapagbigay at umayon para sa mga serbisyo (tulad ng pagpapayo tungkol sa career at paggawa ng desisyon, pantulong na teknolohiya, paghahanda para sa trabaho, tulong para sa pang-sekundaryang edukasyon, mga serbisyo sa pagtalaga ng trabaho, at mga serbisyo sa pagturo na trabaho) upang makatulong sa pagpaplano ng transisyon upang matiyak ang maayos na transisyon mula sa paaralan hanggang sa pang-sekundaryang edukasyon o pagtatrabaho.<br><br>**Kailan Maaring Mag-aplay:** Siguraduhing makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng mag-aaral ng DORS ng maaga pa sa iyong unang taon sa mataas na paaralan at mag-aplay para sa karagdagang mga serbisyo sa iyong huling dalawang taon sa mataas na paaralan. Ang mga kwalipikadong mag-aaral ay maaaring humiling ng mga Serbisyo sa Transisyon sa Paunang trabaho na kasing aga ng 14 taong gulang kapag nasa o hindi bababa sa hayskul. Inirerekumenda na mag-aplay ang mga mag-aaral para sa mga serbisyo ng Bokasyunal na Rehabilitasyon sa pamamagitan ng DORS sa paghantong ng kanilang susunod hanggang huling taon sa mataas na paaralan. Kung karapat-dapat, ang mga serbisyo sa Bokasyunal na Rehabilitasyon ay maaaring magamit sa isang Indibidwal pagkatapos na hindi na sila itinuturing na isang mag-aaral. Ang pakikipagtulungan sa mga mag-aaral sa huling dalawang taon ng kanilang hayskul ay magbibigay sa mga Transisyong tagapayo ng DORS ng sapat na panahon upang makagawa ng planong transisyon at masiguro ang maayos na transisyon mula sa mataas na paaralan hanggang pang-sekundaryang edukasyon o trabaho. | o kompletuhin ang isang online form sa website ng ahensya:<br><br>• Mga tauhan ng paaralan na may pahintulot ng magulang, tagapag-alaga<br><br>• Mga magulang o ibang miyembro ng pamilya.<br><br>• Mga tagapagbigay ng serbisyo<br><br>http://www.dors.maryland.gov/consumers/Pages/referral.aspx |

## Maryland State Adult Services Agencies: DDA

| AGENCY NAME & DESCRIPTION | AGENCY INFORMATION |
|---|---|
| **Developmental Disabilities Administration (DDA)** | https://dda.health.maryland.gov/Pages/dda.aspx |
| **Ano ang ginagawa ng ahensyang ito?** Ang Developmental Disabilities Administration (DDA) ay nagbibigay ng koordinadong sistema ng paghahatid ng serbisyo, upang makatanggap ang mga taong mayroong kapansanan sa pag-unlad ng nararapat na serbisyo na siyang nakatuon sa layunin ng buong integrasyon sa kanilang komunidad, kabilang rito ang pagkamit at pagpapanatili ng integradong trabaho | **Sino ang maaaring makatanggap ng serbisyo?** Ang pinondohang serbisyo ng DDA ay hindi isang karapatan. Ang pagpopondo para sa serbisyo ng Transitioning Youth (TY) ay may iba't-ibang parte, isa sa tatlong federal waiver program ng DDA: Landas ng Komunidad, Suporta sa Pamilya, o Suporta sa Komunidad. Pinapayagan ng Waivers ang DDA na magbigay ng partikular na serbisyo sa pamamagitan ng pondo mula sa federal Centers for Medicare at Medicaid Services (CMS). Isa pa ay ang Governor's Transitioning Youth Initiative (GTYI) palatandaan ng pondo ng badyet ng DDA para sa mga estudyanteng aalis na ng paaralan. Ang GTYI ay isang kolaborasyon sa pagitan ng samahan ng DDA at Maryland's Division |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

na may mataas na sahod. Ang sistema ng DDA sa paghahatid ng serbisyo na nakabase sa komunidad ay sakop ang iba't-ibang mga tahanan at mga serbisyong nakabase sa komunidad at nagbibigay ng suporta para sa mga taong karapat-dapat, maaring sa pamamagitan ng Medicaid State Plan, Waiver program o sa pamamagitan ng pinondohang serbisyo ng estado ng DDA.

**Kailan maaring mag-aplay:** Maari kang mag-aplay para sa serbisyo ng DDA kahit kailan at kahit anong edad. Kailangan na makita na ikaw ay lubos na karapat-dapat para sa DDA upang makatanggap ng kahit anong serbisyo ng DDA. Kung ikaw naman ay mag-aaplay sa isang partikular na serbisyong TY, kontakin ang rehiyunal na tanggapan ng DDA kung ikaw ay nasa 14 taong gulang na. Maari kang humingi ng tulong upang ma-update at makumpleto ang iyong aplikasyon upang malaman mo kung ikaw ba ay kwalipikado. Ang lahat ng aplikasyon ng DDA waiver ay kinakailangan matapos sa Hunyo 30 sa kwalipikadong taon upang maibilang sa pagpopondo. Kung ang petsa ng transisyon ay pagtapos ng iyong ika-21 na kaarawan, ang isang tao ay magiging karapat-dapat sa isang taon na palugit pagkatapos ng petsa kung kailan ito nakapagtapos ng hayskul. Ang aplikasyon na ipinasa pagkatapos ng itinalagang oras ay mapapabilang sa listahan ng hintayan. Mayroon ring aplikasyon online sa www.dda.health.maryland.gov/Documents/dda_ea_application_updated.pdf.

Rehabilitation Services (DORS).

**Para maging Karapat-dapat para sa TY Initiative**, dapat makitang lubos na karapat-dapat ang isang indibidwal bilang may kapansan sa pag-unlad, base sa sumusunod na pamantayan:

- Residente ng Maryland
- Karapat-dapat para sa waiver
- 21 taong gulang
- Mayroong malalang kapansanan na:
    - Naiuugnay sa pisikal at mintal na kapansanan maliban sa natatanging pagsusuri sa mintal na sakit.
    - Nagbunga ng pangangailangan na magkaroon ng mga serbisyo na kung saan ay isa-isang pinlano at pinag-ugnay.
    - Bunga ng isang pangangailangan para sa serbisyo na malamang ay magpatuloy ng walang katiyakan.
    - Ang resulta ay nanganap bago ang edad na 22.
    - Naging sanhi ng kawalan ng kakayahang mabuhay nang mag-isa

**Tandaan:** Ang nag-iisang pagsusuri ng isang kapansanan sa pag-unlad ay hindi nangangahulugang ang isang tao ay awtomatikong karapat-dapat na

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong rehiyunal na opisina:

- **Central Maryland** (Serving Anne Arundel, Baltimore, Baltimore City, Harford, and Howard) 1401 Severn Street**,** Baltimore, MD 21230, 410-234-8200
- **Southern Maryland** (Serving Calvert, Charles, Montgomery, Prince George’s, and St. Mary’s) 312 Marshall Avenue**,** Laurel, MD 20707, 301-362-5100
- **Western Maryland:** (Serving Allegany, Carroll, Frederick, Garrett, and Washington) 1360 Marshall Street**,** Hagerstown, MD 21740, 301-362-5100
- **Eastern Shore:** (Serving Caroline, Cecil, Dorchester, Kent, Queen Anne’s, Somerset, Talbot, Wicomico, and Worcester) 926 Snowhill Road**,** Building 100, Salisbury, MD 21802 **,** 410-334-6920

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

# Mga Ahensya ng Serbisyo Para sa mga Nakakatanda ng Estado ng Maryland: BHA

| PANGALAN NG AHENSYA AT DESKRIPSYON | IMPORMASYON NG AHENSYA |
|---|---|
| **Behavioral Health Administration (BHA)** | https://bha.health.maryland.gov/pages/index.aspx |
| **Ano ang ginagawa ng ahensyang ito?** Ang BHA ay bahagi ng Maryland Department of Health (MDH) na naglilingkod sa mga taong may sakit sa isip at / o may mga problema sa alak at paggamit ng droga. Sa pamamagitan ng mga lokal na ahensya nito, na tinatawag na Local Behavioral Administrations (LBHA) o Core Service Agencies (CSA), kabilang sa mga pondo at pangangasiwa ng mga programa ng BHA ngunit hindi limitado sa: pangangalaga ng psychiatric sa pasyente, paggamot sa pamahayan, regular at masinsinang pangangalaga sa outpatient, mga serbisyo sa krisis, mga serbisyo sa rehabilitasyon, suporta ng pamilya, suportadong pabahay at suportadong trabaho para sa mga taong may sakit sa pag-iisip. Ang ilang mga programa na partikular para sa mga kabataan na nasa edad na ng transisyon ay magagamit sa ilang mga rehiyon.<br><br>**Kailan maaring mag-aplay:** Ang BHA ay nagbibigay ng ilang mga serbisyo para sa mga bata (kapanganakan hanggang edad 16) at ang mga serbisyo sa kabataan at pang-adulto na nagsisimula sa edad na 16. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa: https://mmcp.health.maryland.gov/Pages/home.aspx. | **Sino ang maaaring makatanggap ng mga serbisyo?** Ang mga taong nangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan sa pag-iisip ay karapat-dapat sa Medicaid. Sa ilang mga kaso, ang mga taong may makabuluhang mga pangangailangan sa kalusugan pangkaisipan na hindi karapat-dapat sa Medicaid dahil sa mga kadahilanang pampinansyal ay maaari pa ring maging karapat-dapat para sa tulong.<br><br>**Paano mag-aplay:** Tandaan na kung naka-enrol ka na sa Medicaid, hindi mo kailangang mag-enrol nang hiwalay para sa kalusugang pangkaisipan na mga serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Opisina ng Consumer Affairs ng BHA sa 410-402-8447 o sa iyong Local Behavioral Administrations (LBHA) o Core Service Agency (CSA). Maaari kang makahanap ng listahan ng mga ahensya sa samahan ng Maryland ng mga Awtoridad sa Kalusugan sa Pag-uugali. www.marylandbehavioralhealth.org |

# Mga Ahensya ng Serbisyo para sa mga nakakatanda ng Estado ng Maryland: Labor ng Maryland

| PANGALAN NG AHENSYA AT DESKRIPSYON | IMPORMASYON NG AHENSYA |
|---|---|
| **Opisina ng Pag-unlad ng Workforce at Pag-aaral ng Matanda, Kagawaran ng Paggawa ng Maryland** | http://labor.maryland.gov |
| **Ano ang ginagawa ng ahensyang ito?** Ang Opisina ng Kagawaran ng Paggawa ng Maryland ng para sa Workforce Development Youth Service Division ay nagbibigay ng programa at serbisyo upang matulungan ang mga kabataan na makamtan ang mga layunin sa edukasyon at trabaho. Sa pamamagitan ng Maryland Labor local America's Job Centers and Workforce Investment Boards, nagbibigay ang Labor ng Maryland ng konsultasyon sa | **Sino ang maaaring makatanggap ng mga serbisyo?** Naglilingkod ang Dibisyong mga Serbisyo sa Kabataan sa mga batang may sapat na gulang, mayroon o walang mga kapansanan, edad 14-24. Ang isang hintuang lugar ng trabaho ay magagamit sa mga naghahanap ng trabaho ng anumang edad na mayroon o |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

| | |
|---|---|
| career, pagsasanay, pag-access sa kompyuter, at iba pang mga suportang serbisyo. Sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA), ang Labor ng Maryland kasabay ng American Job Centers ay nagbibigay ng isang hanay ng mga serbisyo ng trabaho at kinokonekta sa mga customer na may kaugnayan sa trabaho na pagsasanay at mga oportunidad sa edukasyon. Pinatunayan ng WIOA ang pangako ng Kagawaran na magbigay ng de-kalidad na serbisyo para sa mga kabataan at mga indibidwal na may wastong gulang na nagsisimula sa pagsasaliksik ng career at patnubay, patuloy na suporta para sa educational attainment, mga oportunidad para sa kasanayan sa pagsasanay sa mga in-demand na trabaho, pagpapatala sa edukasyon pagkatapos ng sekundarya, at pagkamit ng kinikilalang mga kredensyal ng industriya sa landas ng career na hahantong sa trabaho. | walang mga kapansanan. Para malaman ang iba pa tungkol sa pagsaliksik ng career, pagsasanay, at mga trabaho, bisitahin ang:<br><br>● Ang website ng Kagawaran ng Paggawa ng Maryland sa http://labor.maryland.gov/county/ o tawagan ang Kagawaran ng Paggawa ng Maryland sa 410-767-2173 upang makahanap ng isang lokal na American Job Center, o<br><br>● Website ng Workforce Exchange ng Maryland: https://mwejobs.maryland.gov/vosnet/Default.aspx. |

# Mga Benepisyo

## *Medicaid at Medicaid Waivers*

Ang Maryland Department of Health (MDH) ay nangangasiwa sa Medicaid o Medical Assistance (MA). Ang parehong mga programa ng Medicaid at Medicaid Waiver ay maaaring maging mahalagang mapagkukunan ng saklaw ng kalusugan, karagdagang tulong, pangmatagalang pangangalaga, at mga suportang nakabase sa bahay/komunidad para sa mga taong may kapansanan.

| Benepisyo | Impormasyon ng Benepisyo |
|---|---|
| **Medicaid** | **Ano ang ginagawa ng Medicaid?**<br>● Nagbibigay ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan.<br>● Nagbibigay ng karagdagang pondo sa pamamagitan ng Mga Programang Medicaid Waiver para sa personal na pangangalaga na mga serbisyo tulad ng: personal na kalinisan at pag-aayos, palikuran, pagkain, pagbibihis, mobilisasyon, Medikal na pangangalaga sa bahay, at pag-access sa mgamedikal na appointment.<br>**Sino ang karapat-dapat para sa Medicaid?**<br>● Karaniwan, ang mga indibidwal na:<br>○ Baldado<br>○ Bulag<br>○ nag-aalaga ng isang bata na ang magulang ay walang trabaho, may sakit, o namatay, o<br>○ natugunan ang mga kinakailangan sa kita ng programa.<br>● Ang pagiging karapat-dapat para sa Medicaid sa Maryland ay tinutukoy ng mga lokal na Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan.<br>● Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:<br>○ https://mmcp.health.maryland.gov/Pages/Am%20I%20Eligible.aspx<br>● https://www.medicare.gov/manage-your-health/i-have-a-disability |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

| | |
|---|---|
| **Mga Programa ng Medicaid Waiver** | Ang mga serbisyo ng Maryland Medicaid na nakabase sa bahay at sa komunidad ay inaalok sa pamamagitan ng regular na programa ng Medicaid at mga espesyal na programa ng Medicaid na tinatawag na "waivers." Isinasantabi ng waiver ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ng mga magulang ng isang anak na may kapansanan at tinitingnan lamang ang kita ng bata. Ang bawat waiver ay may iba't ibang pamantayan sa pagiging karapat-dapat at ang bawat isa nito ay target ang iba't ibang populasyon, tulad ng mga matatanda o mga taong may isang tiyak na kapansanan.<br>● Ang mga serbisyo ay hindi karapatan.<br>● Dapat ay residente ng Maryland upang mag-aplay at matukoy na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng DDA.<br>● Ang dalawang pangkat ng mga indibidwal na karapat-dapat para sa mga serbisyo:<br>○ Ang mga may kapansanan sa pag-unlad at;<br>○ Ang mga may malubhang, talamak na kapansanan na sanhi ng isang pisikal o mintal na kondisyon, maliban sa isang solong pagsusuri ng sakit sa isip.<br>● Bisitahin ang https://mmcp.health.maryland.gov/Pages/Am%20I%20Eligible.aspx.<br>● Para maunawaan ng mabuti ang tungkol sa mga programa ng Medicaid Waiver (kabilang na ang Unang Pagpili ng Komunidad, Mga Opsiyon sa Komunidad, at Personal na Tulong sa Medikal) tumawag sa 410-767-1739, o bisitahin ang http://medicaidwaiver.org/state/maryland.html.<br>Para sa impormasyon tungkol sa Mga Serbisyong Batay sa Bahay at Komunidad, bisitahin ang: https://mmcp.health.maryland.gov/waiverprograms/Pages/Home.aspx. |

**Paano mag-aplay:** Upang mag-aplay para sa Medicaid, ang mga residente ng Maryland ay kailangan na bumisita sa Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan ng kanilang lalawigan o lungsod. Doon, sila ay makakapanayam ng isang tauhan ng kagawaran at magsumite ang kanilang aplikasyon. Bisitahin ang https://medicaid-help.org/Primary-Information para sa tulong upang masagot ang mga katanungan, suriin ang pagiging karapat-dapat at para matulongan sa pag-aplay para sa Medicaid.

## *Mga Benepisyo sa Pangangasiwa ng Panlipunang Seguridad para sa Mga taong may Kapansanan*

Ang mga programa na Social Security Disability Insurance at Supplemental Security Income disability ay ang mga pinakamalaki sa ilang mga Pederal na programa na nagbibigay ng tulong sa mga taong may kapansanan. Habang ang dalawang program na ito ay magkakaiba sa maraming paraan, ang dalawang ito ay pinangangasiwaan ng Social Security Administration (SSA) at ang mga indibidwal lamang na may kapansanan at nakakatugon sa mga pamantayan sa medikal ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa ilalim ng alinmang programa. Bisitahin ang https://www.disabilitysecrets.com/ para sa karagdagang impormasyon at para matulongan sa pag-aplay para sa mga benepisyo ng Social Security o pag-apela ng isang desisyon sa kapansanan.

## *Supplemental Security Income (SSI)*

| Tanong | Mga kasagutan tungkol sa benepisyo ng Supplementary Security Income (SSI) |
|---|---|
| **Ano ba ang ginagawa ng Supplemental Security Income (SSI)?** | Ang programa ng Supplemental Security Income (SSI) ay nagbibigay ng mga benepisyo sa mga may kapansanang matatanda at bata na may limitadong kita at resources. Ang SSI ay isang Federal income supplement program na pinopondohan ng pangkalahatang kita sa buwis (*hindi ito ang buwis sa Panlipunang Seguridad*):<br>● Dinisenyo upang matulungan ang mga may edad, bulag, at may kapansanan, na |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

| | |
|---|---|
| | may kaunti o walang kita<br>● Nagbibigay ng pera para matugunan ang mga pangunahing pangangailangan para sa pagkain, damit, at tirahan<br>● Nagbibigay ito ng tulong medikal (Medicaid) sa mga benepisyaryo at nagbabayad sa mga bayarin sa pananatili sa ospital, singil ng doktor, mga iniresetang gamot, at iba pang mga gastos sa kalusugan.<br>Ang mga benepisyaryo ng SSI ay maaari ding maging karapat-dapat para sa tulong sa pagkain. |
| **Sino ba ang mga karapat-dapat para sa mga benepisyo ng SSI?** | ● May kapansanan; Bulag; o Edad (65 pataas); at mga tao na may limitadong kita at limitadong resources.<br>● Ang kita at mga ari-arian ng mga pamilya ng mga batang may kapansanan ay isinasaalang-alang din sa pagtutukoy sa pagiging karapat-dapat nito sa pinansyal na tulong.<br>● Sa edad na 18 ay isinasaalang-alang lamang ng SSA ang kita at ari-arian ng indibidwal, hindi ang kita at mga ari-arian ng mga magulang nito.<br>● Kung ang isang bata ay dati nang tinanggihan para sa SSI batay sa kita, mag-apply muli para sa mga benepisyo pagkatapos ng kanyang ika-18 kaarawan kung kailan ang kita ng magulang ay hindi na isasaalang-alang para sa mga layunin sa pagiging karapat-dapat.<br>● Ang mga indibidwal na tumatanggap ng Supplemental Security Income (SSI) ay awtomatikong karapat-dapat na makatanggap ng Tulong sa Medikal. |
| **Paano mag-aplay?** | ● Magsumite ng isang Aplikasyon sa iyong lokal na Kagawaran ng mga Panlipunang Serbisyo sa lungsod o lalawigan kung saan ka nakatira.<br>● Kumpletuhin ang isang online na aplikasyon sa https://www.ssa.gov/forms/. At piliin ang Mag-apply para sa mga Benepisyo ng mga may Kapansanan.<br>● Kumuha ng isang aplikasyon sa iyong lokal na Kagawaran ng mga Panlipunang Serbisyo at lokal na Kagawaran ng Kalusugan. Maaari ring ipadala sa iyo ang isang aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-456-8900. |
| **Paano kung tinanggihan ang aplikasyon ko?** | ● Kung kamakailan ay tinanggihan ang iyong aplikasyon, ang pag-apela sa pamamagitan ng Internet ay isang panimulang punto upang humiling ng isang pagsusuri ng desisyon tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa mga may kapansanan.<br>● Kung tinanggihan ang iyong aplikasyon dahil sa:<br>○ Mga kadahilanang medikal, maaari mong kumpletuhin at isumite ang mga kinakailangan sa paghiling ng Pag-apela at Ulat ng Apela sa Kapansanan sa online.<br>○ Mga kadahilanang hindi pang-medikal, dapat kang makipag-ugnay sa iyong lokal na Opisina ng Panlipunang Seguridad upang humiling ng pagsusuri. Maaari mo ring tawagan ang numerong 1-800-772-1213 ng walang bayad, upang humiling ng isang apela. Ang mga taong bingi o hirap makarinig ay maaaring tumawag sa walang bayad na numero ng TTY, 1-800-325-0778. |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

### *Social Security Disability Insurance (SSDI)*

| Tanong | Mga kasagutan tungkol sa benepisyo ng Supplementary Disability Insurance (SSDI) |
|---|---|
| **Ano ba ang ginagawa ng Social Security Disability Insurance (SSDI)?** | Ang Social Security Disability Insurance SSDI ay nagbibigay ng mga benepisyo sa iyo o isang tiyak na miyembro ng iyong pamilya kung ikaw ay "insured," ibig sabihin nito ay nakapagtrabaho ka na nang may sapat na tagal at nagbayad ng buwis sa Panlipunang Seguridad. |
| **Sino ba ang mga karapat-dapat sa mga benepisyo ng SSDI?** | Para maging kwalipikado para sa SSDI, ang isang tao ay dapat na wala pang 65 taong gulang at mayroong kwalipikadong matinding kapansanan na itinalaga ng Administrasyon ng Panlipunang Seguridad.<br>● Ang isang batang hindi kasal ay maaaring maging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo sa tala ng trabaho ng magulang nito kung:<br>● Ang bata ay wala pang 18 taong gulang, mayroon o walang kapansanan; o<br>● Ang bata ay 18-19 taong gulang at isang full-time na mag-aaral (na hindi tataas sa baitang 12); o<br>● Ang bata na may edad na 18 o mas matanda na may kapansanan na nagsimula bago ang edad na 22 at kwalipikado sa kahulugan ng kapansanan para sa mga nakakatanda. |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

# Edukasyon Pagkatapos ng Sekundarya/Mga Serbisyong Suporta para sa mga may Kapansanan

Importante na maintindihan ng mga mag-aaral ang kaibahan sa pagitan ng Disabilities Education Act (IDEA), Americans with Disabilities Act (ADA) at ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng taong 1973, at ang mga probisyon na binibigay nila para sa mga mag-aaral. Habang nasa hayskul, binabalangkas ng IDEA kung paano ibinibigay ang mga suportang pang-edukasyon sa pamamagitan ng proseso ng IEP. Kapag ang isang mag-aaral ay pumasok sa isang kolehiyo (edukasyon pagkatapos ng sekundarya), ang ADA at ang Seksyon 504 ay gumagarantiya na ang karapatan na makatanggap ng makatwirang tulong ang mga indibidwal na may kapansan upang maging matagumpay ang kanilang edukasyon pagkatapos ng sekundarya. Nakatala sa tsart sa ibaba ang pagkakaiba ng hayskul at kolehiyo.

| Sakop ng Serbisyo | Para sa Mataas na Paaralan | Para sa Kolehiyo |
|---|---|---|
| **Ligal** | ● Ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA)ay nagbibigay ng libre at wastong edukasyon para sa mga mag-0aaral na may kapansanan.<br>● Ang IDEA ay tungkol sa **TAGUMPAY.** | ● Ang Americans with Disabilities Act (ADA) at ang Seksyon 504 ay sinisigurado ang isang maktwirang tulong.<br>● Ang ADA ay hinggil sa **PAG-ACCESS** |
| **Kinakailangang Kasulatan** | ● Individualized Education Plan (IEP)<br>● Ang kasulatan ay nakatutok sa pagpasya kung ang mag-aaral ay karapat-dapat sa serbisyo base sa mga partikular na kategorya ng IDEA. | ● Ang IEP sa Mataas na Paaralan ay maaaring hindi sapat.<br>● Maaaring ang mga mag-aaral ay nangangailangang kumuha ng mga pagsusuri at ito ay sariling nilang gastos.<br>● Nakalaan dapat sa kasulatan ang mga impormasyon ng partikular na makatwirang mga akomodasyon. |
| **Adbokasiya** | ● Ang mga magulang ay aktibong nakikilahok sa paglaban para sa angkop na serbisyo at suporta para sa kanilang mga anak.<br>● Ang mga paaralan ay kinakailangang tumulong sa mga magulang at sumali sa proseso sa grupo ng IEP.<br>● Ang mga magulang ay palaging nakikipag-usap ng direkta sa mga guro ng kanilang anak. | ● Ang mga mag-aaral ay inaasahang ipagtanggol ang kanilang sarili. Ang pakikisali ng magulang ay hindi hinahangad at hindi ito hinihimok.<br>● Ang mga tauhan at mga propesor sa kolehiyo ay hindi karaniwang nakikipag-ugnayan ng direkta sa mga magulang kung walang pahintulot ng mag-aaral. |
| **Mga Suporta at mga Programa para sa Indibidwal na Edukasyon** | ● Ang grupo ng IEP, na kung saan kasali ang mga mag-aaral, mga magulang at distrito ng paaralan, at nililinang ang Individual Education Program (IEP) at dapat na sumunod sa ligal na kasulatan para sa mga serbisyo. | ● Walang mga IEP sa kolehiyo.<br>● Ang Opisina ng mga Serbisyo para sa mga may Kapansanan ay ang bubuo ng planong akomodasyon base sa mga kasulatan ng kapansanan na ipinasa ng mag-aaral.<br>● Ang mag-aaral ay dapat na humingi ng |

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

| | | |
|---|---|---|
| | • Ang mga magulang ay may access sa mga rekord ng mag-aaral at maaring sumali sa pagproseso ng akomodasyon. | mga akomodasyon sa Opisina ng mga Serbisyo para sa mga may Kapansanan ng kolehiyo kada semestro.<br>• Walang access ang mga magulang sa mga rekord kung walang pahintulot ng mag-aaral. |

Mahalagang malaman ng mga mag-aaral ang kanilang karapatan at responsibilidad, dahil ang IDEA ay hindi nalalapat sa kolehiyo, sa mga trade schools, at mga unibersidad. Ang tsart ng mga akomodasyon pagkatapos ng sekundarya ay makikita sa Apendiks A ng gabay na ito ay bumabalangkas ng mga karaniwang tanong tungkol sa mga akomodasyon at mga Serbisyo para sa mga may kapansanan at mga institusyon ng Edukasyon pagkatapos ng sekundarya.

## Instruksiyon sa Transportasyon, Mobilidad, at Paglalakbay

Mahalaga para sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya na planuhin kung papaano sila maglalakbay patungo sa tagpuan pagkatapos ng pag-aaral, tulad ng pagpili kung magkokolehiyo o magtatrabaho. Habang nasa paaralan, ang mga mag-aaral ay maaaring umaasa sa transportasyon ng paaralan, miyembro ng pamilya or mga kaibigan para ihatid sila. Itong magkatulad na mga suporta sa mobilidad ay maaaring wala na pag-alis ng mga mag-aaral sa paaralan. Mahalagang matuto ang mga mag-aaral tungkol sa transportation at sa paglakbay nang hindi umaasa sa iba habang nasa paaralan pa lamang sila para kapag natapos na sila sa pag-aaral, mayroon na silang kaalaman at kakayahan na pumunta sa kanilang pupuntahan.

Sa pagpaplano ng transisyon, ang grupo ay maaaring makipagtulungan sa mga pamilya at mga mag-aaral upang:

- Masuri ang mobilidad at functional na kapasidad ng mag-aaral na makapaglakbay ng malaya;
- Masuri ang kognitibong kapasidad ng mag-aaral na gumawa ng mga desisyon, paglutas ng problema, at umintindi ng mga pamantayan sa lipunan na kinakailangan sa malayang paglalakbay;
- Magtakda ng pagdalaw sa mga lokal na ahensya ng transit kung saan maaaring matuto ang mga mag-aaral tungkol sa mga mapagpipiliang transportasyon sa komunidad;
- Mag-imbita ng mga propesyonal sa transportasyon na bumisita sa mga mag-aaral at magpahayag tungkol sa kanilang mga serbisyo;
- Siyasatin ang mga uri ng serbisyong transportasyon na mayroon sa komunidad sa pamamagitan ng aktibidad na naka pokus sa mga mag-aaral;
- Alamin ang tungkol sa mga opsyon sa mobilidad sa pamamagitan ng mga organisasyon na nagpaplano ng lokal na transportasyon at mga ahensya ng transit;
- Tukuyin ang mga istruksyon sa paglalakbay at mga programa na nagsasanay sa paglalakbay upang maituro sa mga mag-aaral kung paano gumamit ng pampublikong transportasyon; at;
- Pag-isipan ang pinaka maayos na transportasyon para sa mga mag-aaral.

Ang transportasyon ay nagbibigay ng access sa mga oportunidad tulad ng trabaho, edukasyon, pangangalaga sa kalusugan, at libangan. Ang mga indibidwal na may kapansanan na hindi makapagmaneho at walang sasakyan ay sumasaalang-alang sa mga alternatibong opsyon sa mobilidad. Ang mga serbisyong transportasyon ay magkakaiba sa buong estado. Para sa mga mag-aaral na karapat-dapat, mga serbisyong paratransit, ay maaaring pinaka angkop na paraan ng paglalakbay. Sa Maryland, ang programang Maryland Transit Authority Mobility Link ay nag bibigay ng door to door na serbisyong transportasyon sa mga mag-aaral na pumasa sa proseso ng pagsusuri upang matiyak kung sila ba ay karapat-dapat. Ang MobilityLink, ay partikular na dinisenyo para sa mga indibidwal na may kapansanan, ay kinakailangan ng Americans with Disabilities Act (ADA) at nangangailangan ng maagang abiso at pag-iiskedyul. Gayunman, para sa maraming mag-aaral, ang kalakip na mapagpipiliang transportasyon sa

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

komunidad na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na kusang makapaglakbay ay ang pinaka angkop na serbisyo. Ang mga propesyonal sa transisyon, mga pamilya, at ang mga kabataan mismo ay maaaring makipag-tulungan sa mga propesyonal sa larangan ng transportasyon upang malaman ang serbisyo sa mobilidad na angkop sa panganagailangan at kapasidad ng mag-aaral.

## *Mga Resources sa transportasyon*

- Ang mga kagawaran ng transportasyon at administrasyon ng transit ng estado ay isang importanteng dulugan upang matukoy ang mga lokal na tagapagbigay ng transportasyon.
    - Maryland Transit Administration (MTA)
    - Nag-aalok ang Maryland ng programa tulad ng libre o murang pamasahe para sa mga taong may kapansanan o para sa mga matatanda upang magamit nila ang transportasyon ng komunidad. Upang matuto pa ukol sa programang ito, mangyaring bisitahin ang MTA reduced fare program: https://mta.maryland.gov/disabled-reduced-fare-program
- Ilan sa mga mag-aaral ay maaaring mangailangan ng suporta sa paglalakbay at maaaring hindi makapaglakbay ng mag-isa gamit ang pampublikong bus o tren (Maayos na sistemang ruta ng MTA) Alamin ang tungkol sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa MTA MobilityLink (Paratransit) Program MobilityLink: https://mta.maryland.gov/mobility.
- Maaaring ang serbisyo ng taxi ang mas naaangkop sa ilang mag-aaral at maaaring dalhin ang kabataan sa mga lugar na hindi dinadaanan ng tren.
    - Mga Serbisyong pan-Taxi ng Maryland: http://mdod.maryland.gov/transport/Pages/Taxi-Services.aspx
- Ang mga resources ng pederal ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pambansa o lokal na mga programa.
    - Ang Kagawaran ng Paggawa ng US, Opisina ng Disability Employment Policy Transportation Portal. Binibigyang diin ang mga resources ng transportasyon, at mga responsibilidad ng mga tagapagbigay sa ilalim ng Americans with Disabilities Act. https://www.dol.gov/odep/topics/Transportation.htm
    - Ang Kagawaran ng Transportasyon ng US, Administrasyon ng Pederal na Transit. Ilan sa Ahensyang Pederal ay maaaring sumuporta sa mga serbisyo at gastos. Alamin ang tungkol sa pagsusumikap ng Pederal na pagtugmain ang mga resources ng mga ito sa pamamagitan ng Coordinating Council on Access and Mobility (CCAM). https://www.transit.dot.gov/ccam

## *Instruksyon sa Paglalakbay*

Ang instruksyon sa paglalakbay ay komprehensibo, masinsinang tagubilin na dinisenyo upang turuan ang mga mag-aaral na may mga kapansanan kung paano ang ligtas at malayang paggamit ng pampublikong transportasyon. Ang mga tagubilin sa paglalakbay ay ang proseso ng pagkatuto kung paano gamitin ang lokal na pampublikong transportasyon upang mapadali o mapabilis ang mobilisasyon, kalayaan at mga oportunidad ng mga mag-aaral na may kapansanan. Ang mga mag-aaral na may kapansanan ay dapat malaman kung anong mga sistema ng transportasyon ang mayroon, kung paano magamit ang mga ito, kung paano planuhin ang kanilang paglalakbay at malaman kung ano ang gagawin sa hindi inaasahang mga sitwasyon o emerhensya. Ang instruksyon sa paglalakbay ay dapat ibigay ng mga may kasanayang instruktor na maaaring magbigay ng isang pagpapatuloy ng tagubilin sa silid-aralan (Pagiging pamilyar sa paglalakbay), at pati na rin sa mga tunay na setting ng komunidad (pagsasanay sa paglalakbay). Ang pagsasanay sa paglalakbay ay nagreresulta sa mas mataas na kalayaan, kumpiyansa, at kakayahang mabuhay, matuto, magtrabaho, at maglaro sa loob ng kanilang mga komunidad. Ang mga propesyonal sa transisyon ay maaaring magtulungan kasama ang mga tagapagsanay ng paglalakbay upang magbigay ng instruksyon sa paglalakbay na may kasamang:

- Oryentasyon sa Paglalakbay: Isinasagawa ang aktibidad ng indibidwal o pangkatang aktibidad para sa hangarin na ipaliwanag ang sistema ng transportasyon.

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

- Pagiging pamilyar sa Paglalakbay: Indibidwal o pangkatang aktibidad upang mapadali ang paggamit ng mga sistema ng transportasyon na may kasamang isang trainer ng paglalakbay na siyang gagabay sa mga mag-aaral sa isang bagong paraan ng transportasyon o ruta upang ituro / ipaliwanag ang mga katangian ng pag-access at kakayahang magamit ito.
- Pagsasanay sa Paglalakbay: komprehensibong isa-sa-isa, espesyal na idinisenyo na tagubilin sa mga kasanayan at pag-uugali na kinakailangan para sa malayang paglalakbay sa pampublikong transportasyon. Ang pagsasanay sa paglalakbay ay nagaganap sa pamayanan at tunay na mga setting. https://www.travelinstruction.org/

### *Mga Resources para sa Instruksyon ng Paglalakbay*

- Association of Travel Instruction (ATI). Itong pambansang pagiging kasapi ng organisasyon ay may mga misyon at ito ay ang mga sumusunod: Upang maisulong ang karapatan ng lahat ng mga taong may kapansanan at mga matatanda sa pantay na paggamit sa pampublikong transportasyon at pakikilahok sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta, impormasyon, pagsasanay at edukasyon upang itaguyod ang kalidad ng Instruksyon sa Paglalakbay. https://www.travelinstruction.org/
- National Aging and Disability Transportation Center (NADTC). Pambansang tanggapan ng akomodasyon panteknikal na pinondohan ng Kagawaran ng Transportasyon ng US, Administrasyong Pederal na Transit na nagtataguyod ng pagkakaroon at kakayahang magamit ng mga opsyon sa transportasyon para sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, tagapag-alaga, at ng komunidad. Ang NADTC ay may iba't ibang mga resources tungkol sa instruksyon ng paglalakbay. www.nadtc.org

### *Mga Resources para Matukoy ang mga Serbisyo ng Transportasyon at Mobilidad*

- Tanggapan para sa pagkakapantay-pantay sa mobilidad. MDTrip. Ang web portal at organisasyong ito ay nakikipag-ugnayan sa maraming mga tagapagbigay ng serbisyo sa buong Maryland upang maibigay sa aming mga gumagamit ang iba't ibang mga opsyon sa transportasyon sa isang hindi komplikadong website. Ang misyon nito ay tulungan ang mga tao na tuklasin at gamitin ang mga alternatibo sa transportasyon upang mapuntahan ang mga destinasyon sa buong Maryland. Nag-aalok din ang MDTrip ng mga instruksyon sa paglalakbay. https://www.mdtrip.org/
- National Center for Mobility Management. Ang pambansang sentro ng tulong panteknikal na pinondohan ng Kagawaran ng Transportasyon ng US, ang Pederal na Administrasyon ng Transit ay nagsusulong ng estratihyang inuuna ang customer upang mapaunlad ang mabuting kalusugan, kalakasan sa ekonomiya, sariling kakayahan, at komunidad. Ang NCMM ay may isinama na mga link sa mga lokal na resources ng transportasyon at mga network ng mga propesyonal, na tinatawag na mga manager ng mobilidad, na may kaalaman tungkol sa mga resources ng transportasyon. www.nc4mm.org

## Mga Resources ng Pangangalaga sa Kalusugan

Ang pag-access sa pangangalaga ng kalusugan ay isang importanteng konsiderasyon para sa mga mag-aaral na magtatapos na sa sistema ng paaralan. Tulad ng paglipat ng kabataan mula sa hayskul hanggang sa pang-adulto na buhay mahalaga na panatilihin nila ang isang malusog na pamumuhay upang makamit ang kanilang mga layunin pagkatapos ng sekundarya. Maaaring kabilang dito ang pamamahala ng kanilang pangangalaga ng kalusugan at mga paggamot, pakikipag-ugnayan sa mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan, at pag-unawa sa mga opsyon sa healthcare insurance. Ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay maaaring makipagkita sa mga pediatrician hanggang sa sila ay maging 21 taong gulang, ngunit sa ilang mga punto, mahalaga ang transisyon mula sa isang pediatrician patungo sa isang doktor na dalubhasa sa mga nasa may hustong gulang. Ang mga sumusunod na link ay

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pangangalaga ng kalusugan at transisyon sa pangangalagang pangkalusugan ng pang-adulto para sa mga indibidwal na may mga kapansanan:

- Opisina ng Genetics and People with Special Needs Resource Locator: https://phpa.health.maryland.gov/genetics/Pages/home.aspx
- National Center para sa Pagpapatupad ng Medikal sa Tahanan: https://medicalhomeinfo.aap.org/Pages/default.aspx
- Mula Pagkabata hanggang Pagtanda na Transisyon ng Pangangalaga sa Kalusugan: https://phpa.health.maryland.gov/genetics/Pages/Health_Care_Transition.aspx
- Nakakuha ng Transisyon: http://www.gottransition.org/

# Mga Resources sa Pag-access ng Komunidad

## *Libangan at Oras sa Sarili*

- Ang **Learning Links ng Maryland** ay nagbibigay ng isang komprehensibong network ng mga resources na nauugnay sa mga programa sa libangan at oras sa sarili, pati na rin ang mga recreational na aktibidad sa buong Maryland. https://marylandlearninglinks.org
- **Access para sa Lahat: Ang Department of Natural Resources (DNR) ng Maryland** ay nagtatrabaho upang matiyak na ang nakamamanghang likas na yaman ng estado ay bukas sa lahat ng mga mamamayan at mga bisita. Mula sa konsepto at disenyo hanggang sa konstruksyon at pagpapatupad, ang mga oras at atensyon ay ginugol sa mga lugar ng kamping, mga kabin, pangingisda at mga pampantalan na bangka, mga Center ng bisita, daanan, at iba pang mga panlabas na kagamitan para sa libangan upang gawing posible ang pagpapasaya sa mga taong may mga kapansanan na dulot ng kahanga-hangang paligid ng Maryland. Patuloy ang pagpapalakad ng DNR upang mapalawak ang kakayahang mai-access upang makasali ang mga taong may kapansanan. http://dnr.maryland.gov/Publiclands/Pages/accessforall.aspx

## *Mga Resources ng Komunidad sa Pamumuhay*

- Ang mga Center para sa Pamumuhay ng Malaya ay nagbibigay ng mga serbisyo na makatutulong upang mapalakas ang mga taong may kapansanan patungo sa pamamahala sa sarili, hindi pag-asa sa iba at pamumuhay ng may pakinabang sa komunidad. http://www.msilc.org/map.html
- Service Access & Information Link (SAIL): Services Access at Information Link (SAIL): Ito ay isang Web-based screening tool para sa aplikasyon na magpapahintulot sa mga taga-Maryland na mag-aplay, i-renew, o matuto tungkol sa panlipunang serbisyo na inihahandog ng Estado ng Maryland. https://mydhrbenefits.dhr.state.md.us/dashboardClient/#/home
- Redbook ng Pangangasiwa ng Panlipunang Seguridad: Dagliang reperensiya ng pinagmulan tungkol sa mga kaugnay na probisyon sa pagtatrabaho para sa mga programang benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI) at Supplemental Security Income (SSI). https://www.ssa.gov/redbook/eng/main.htm
- Unang Tawag sa Paghingi ng Tulong: Kumuha ng libre at kompidensyal na referral sa mga serbisyong pangkalusugan at serbisyong pantao sa Maryland sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong 410-685-0525 sa lugar na nasasakop ng greater Baltimore o tumawag sa numerong (800) 492-0618 kung sa labas naman ng Baltimore. https://211md.org/

## *Mga Suporta at Serbisyo sa Loob ng Bahay*

- **Ang programang Community First Choice (CFC)** ay nagbibigay ng serbisyo at suporta sa komunidad upang makatira ang mga matatanda at may mga kapansanan sa kanilang sariling tahanan. Ang ilang mga suporta ay: mga serbisyo sa personal na tulong, mga sistema sa pagtugon ng mga personal na emerhensiya, mga teknolohiyang pantulong, pakikibagay sa kakayahang maka-access, pagsasanay sa

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

mga mamimili at paghatid ng mga pagkain sa bahay. Dapat matugunan ng indibidwal ang institusyonal na antas sa pangangalaga at maging karapat-dapat sa pinansyal para sa komunidad. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Long-Term Care at Waiver Services ng medicaid sa numerong 410-767-1739 o 1-877-463-3464 o kung para naman sa Serbisyo ng MD Relay tumawag sa numerong 1-800- 735-2258. Bumisita sa Kagawaran ng Kalusugan ng Maryland para sa karagdagang impormasyon.

- **Ang Programang Maryland Personal Care (MAPC)** ay nagbibigay ng personal na pangangalaga sa loob ng bahay, naghahandog ng suporta sa pagpaplano at serbisyo sa pangangasiwa ng isang nars sa mga taong may kapansanan at may malalang medikal na kondisyon na kwalipikado sa Medicaid. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay sa lugar na pinagtatrabahuan. Ang programang ito ay pinangangasiwaan ng mga local na departamentong pangkalusugan. Para sa karagdagang impormasyon, makitungo sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o sa Kagawaran ng Kalusugan ng Maryland sa numerong: 410-767-1739 o 1-877-463-3464 at para sa Serbisyo ng MD Relay tumawag sa numerong 1-800-735-2258.
- Ang **Community Pathways Waiver** ay pinangangasiwaan ng Developmental Disabilities Administration (DDA) sa ilalim ng Maryland Department of Health (DMH). Ang waiver ay naghahandog ng malawak na hanay ng serbisyo sa mga karapat-dapat na mga indibidwal na may intelektuwal at may kapansanan sa pag-unlad na ibinigay ng lisensyadong tagapagbigay na ahensya o mga independenteng tagapagbigay ng serbisyo na nasa ilalim ng serbisyo ng sariling pagdirekta. May talaan ng mga naghihintay bago makatanggap ng serbisyo at ang pagkakaroon ng pondo ay nakabatay sa pangangailangan. Para sa karagdagang impormasyon o para sa pagsali sa talaan ng mga naghihintay, kumontak sa DDA headquarters at sa https://dda.health.maryland.gov/Pages/home.aspx o gamit ang telepono, tumawag sa numerong 410-767-5600. At upang mahanap ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan bumisita sa website na https://dda.health.maryland.gov/Pages/Regional%20Offices.aspx.
- Ang Programang Low Intensity Support Services (LISS) ay pinangangasiwaan ng Developmental Disabilities Administration (DDA) sa ilalim ng Maryland Department of Health (MDH) at naghahandog sa mga karapat-dapat na aplikante ng hanggang $2,000 na serbisyong tulong para sa mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya. Ang DDA ay namamahagi ng pagpopondo ng LISS, dalawang beses sa piskal na taon sa dalawang pag-ikot (Hulyo 1-31 at Enero 1-31). Ang pondo ng LISS ay ipinamamahagi batay sa random na pagpipilian at batay sa kinakailangan upang maging karapat-dapat. Ang LISS ay naghahandog ng pondo para sa ibat-ibang serbisyo na nagbibigay ng suporta sa mga indibidwal at sa mga pamilya kasama ang mga: personal at katulong sa pangangalaga, pangangalaga sa pagpapahinga, at iba pang serbisyo upang mapalawig ang kalayaan, pagiging produktibo at pakikisama sa loob ng komunidad. Sa kasulukuyan ay may apat na ahensya ang LISS sa buong estado na responsable sa pag-aasikaso ng mga aplikasyon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website na https://dda.health.maryland.gov/Pages/liss.aspx.

## *Mga Resources sa Pabahay*

- Database sa Paghahanap ng Pabahay ng **Maryland**: Ito ay ang mahahanap na Database sa Kagawaran ng Pabahay ng Maryland at Pag-unlad ng Komunidad para sa murang halagang pabahay. http://www.mdhousingsearch.org/
- Abot-kayang Paghahanap ng Apartamento sa Maryland: Ang Database na pinananatili ng US Department of Housing and Urban Development of Apartments na nakakatanggap ng pondo galing sa HUD upang maghandog ng tulong na salapi sa mga nangungupahan na may mababang kita. http://www.hud.gov/apps/section8/step2.cfm?state=MD
- GoSection8.com: Database ng mga pabahay na makukuha ng mga taong nakatatanggap ng mga voucher ng Seksyon 8. http://www.gosection8.com/

©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

### *Mga Programa ng Sabsidiya sa Pangungupa*

- Ang Maryland ay may mga programa na tumutulong sa mga taong may mabababang kita na mabayaran ang upa sa pabahay sa kanilang komunidad. Ngunit mahaba ang Listahan ng Naghihintay, kaya't mas nakabubuting magpalista sa lalong madaling panahon.

- Ang Maryland Department of Disabilities (MDOD) ay tumutulong na mangasiwa sa dalawang programa para sa mga taong may kapansanan na may mababang kita:
    - Mga Oportunidad sa Abot-kayang Paupahang Bahay ng Harry & Jeanette Weinberg para sa mga Taong may kapansanan
    - Sekyon 811 ng Proyektong Pantulong sa Paupahan para sa mga Taong may Kapansanan

Ang mga taong mayroong kapansanan o wala ay maaaring mag-aplay sa pampublikong pabahay o tulong sa pagrenta sa pamamagitan ng Programang Housing Choice Voucher (Seksyon 8). Makipag-ugnayan sa Public Housing Agency sa inyong lalawigan upang malaman kung mayroon pa bang inihahandog na tulong sa inyong lugar. Tandaan: Para sa residente ng mga lalawigang Eastern Shore, Garrett, Allegany, at Frederick, makipag-ugnayan sa https://www.hud.gov/states/maryland/renting/hawebsites,na nagsisilbing Pampublikong Ahensya ng Pabahay sa inyong lugar.

# Guardianship at mga Alternatibo

Ang mga indibidwal na nasa 18 na taong gulang pataas ay may karapatang magdesisyon patungkol sa kanilang buhay. Ngunit, may ibang indibidwal na maaring nangangailangan ng tulong sa paggawa ng kritikal na desisyon. Ang guardianship at ang matibay na kapangyarihan ng abugado ay nagbibigay ng dalawang possibleng alternatibo na nagtitiyak na ang mga suliranin ng isang indibidwal na may kapansanan ay naisasaayos ng mabuti. May mga importanteng kaibahan ang dalawang pagpipilian. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa hanbuk, Guardianship at mga Alternatibo. http://www.disabilityrightsmd.org/wp-content/uploads/2011/12/Guardianship-Handbook-2011.pdf

# Pagpaplanong Pinansyal/Espesyal na Pangagailangan ng Trusts/Pagpapalano ng Ari-arian

Ang Pagpaplanong Pinansyal ay isang kakayahan na maintindihan kung paano gumagana ang pera sa mundo: paano nagagawa ng isang tao ang kumita, paano pinamamahalaan ng taong iyon ang kanyang pera, paano nila ito naipapalago at paano nya nagagawang ipagkaloob ito sa mga nagangailangan upang makatulong sa ibang tao. At mas partikular, ito ay tumutukoy sa mga hanay ng mga kasanayan at kaalaman na nagpapahintulot sa isang indibidwal na makagawa ng maalam at epektibong desisyon tungol sa kanilang salapi. Ipinapayo na komunsulta sa isang Financial Planner na pamilyar sa kakaibang kinakailangan ng mga indibidwal na may kapansanan. Ang Pagpaplanong Pinansyal para sa mahal sa buhay ay maaring nakakatakot na gawain sa sinumang pamilya, lalo na sa mga kamag-anak na may kapansanan. Ang mga taong may kapansanan ay mas matagal at mas masayang namumuhay kaysa dati. Dahil sa rasong ito, mas importante para sa mga magulang at/ sa mga tagapag-alaga na maghanda ng planong pinansyal para sa kanila sa sandaling hindi na nila kayang mag-alaga. Isang pinansyal na kasangkapan na ginagamit ng nakararami upang maayos ang pag-aalaga sa hinaharap ay ang trust. Ang trust ay isang ligal na pag-aayos kung saan ang isang panig ay nagtataglay ng pag-aari para sa benepisyong pinansyal ng ibang panig. Sa madaling salita, maari itong isipin bilang uri ng paghawak ng nasasakupan, kung saan ang tagapagbigay, ang panig na lumikha ng trust, ay hahawakan ang kanilang mga ari-arian bago nila ito ipamamahagi sa nakatalagang mga benepisyaryo. Ang tagapagbigay ng trust ay maaring magulang, lolo o lola, ligal na tagapag-alaga o ang korte. At tsaka, may maraming ibat-ibang uri ng trust na ginagamit sa ibat-ibang kalagayan ng pamilya.

**©Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon**

Ang mga Special Needs Trusts (SNTs) ay komplikadong uri ng trust, ito ay ginagamit ng maraming pamilya upang mabigyan permihang pananalapi ang mga kamag-anak na may kapansanan at may mga espesyal na pangangailangan. Ang mga trusts na ito ay naglalayong mapreserba ang pagiging karapat-dapat ng kamag-anak para sa tulong ng gobyerno habang pinapanatili ang mataas na pamantayan sa pamumuhay na maaaring posible sa tulong lamang ng gobyerno.

Bilang parte sa pagpaplano ng kinabukasan, kung saan tumutukoy sa pag-isip ng ninanais na kinabukasan para sa sarili, miyembro ng pamilya, o kaibigan, at pagkatapos ay pagkilala sa uri ng mga serbisyo at suporta na kinakailangan, ang pagpaplano sa mga ari-arian ay isa sa mga aspeto na tumutukoy sa proseso ng pagpaplano kung paano mo nais malipat ang iyong pera o ari-arian sa ibang tao habang ikaw pa ay nabubuhay o sa iyong kamatayan. Ang prosesong ito ay nangangailangan ng mausisang paghahanda at sumusuporta at marunong na mga tao upang maisakatuparan ang iyong plano at masagawa ang tamang dokumento. May mga alituntunin na nagsisilbing mahalagang kayamanan kapag isinaalang-alang ng miyembro ng pamilya ang mga opsyon at uumpisahan ang proseso ng pagpaplano.

